

**HINGGIL SA MINA
AT IBA PANG
PAGHAHALUKAY**

ADRIAN MEDINA PREGONIR

KA RENREN, MAHIRAP HALUKAYIN ANG KALOOB-LOOBAN

Para kay Ka Renren, Tagapagtanggol ng Kalikasan

Ka Rene, tinatalian ko ang dulo ng aking dila
upang pigilan na ang pagsalita na *huwag ka nang pumasok*
sa kasu-kasuan ng kabukiran ng Tampakan.
Ayaw ko rin naman pagdiskitahan ang ipinunla mong laban
sa sinapupunan ng iyong pinagmulang talamak ang lingkod-bayang
hayok-sa-yaman.

Isang araw, alam ko, patago kang nagmamasid
sa mayabong na kawayanan doon sa bukid, pinagmamasdan
mo ang galawgaw na mga galaw ng ilang tauhan
ng minahan. Tahimik silang nagpapapasok ng bulldoser,
nagdala ng mga dagang magkakalkal sa sinapupunang
kinatatayuan mo na kanlungan ng mga Blaen.

Nang umalis ka na at kailangang ipabatid sa bayan
ang pananakop ng minahan, narinig ng iyong palihim
na mga minamasdan ang lagitik ng kawayan sa iyong paghakbang.
Tumakbo ka nang mabilis subalit ang bilis at tikas
ng iyong paa'y naabot pa rin ng kanilang mga bala.

Habang tumatakbo palayo, inaalala mo lang sa nahahapong ulirat
ang sinaunang pangaral: *amligan ang kinaiyahan*.

Hinabol ka nila tungo sa pinakahuling dawag bago dumako sa kalsada.

Hindi nila itinuloy ang pasyang dapat kang ilibing sa minahan.

Tumayo ka sa gitna ng daan na tinitimbang ang mga pangambang
hinalay ng kanilang mga bantang dahas. Dumudugo ang iyong isipan.

Subalit batid mo namang di ka nila kayang angkinin, patayin:
kung sakali ma'y hahabulin mo sila nang walang tigil at sa isang
kisapmata

agad silang maglalaho, mawawala. Hindi rin naman nila matatagpuan
ang bulawan kahit sa lastag na tadyang ng kaloob-looban.

KA RENREN, MABUDLAY KUTKUTON ANG KASUDLAN

Para kay Ka Renren, Tagpangapin kang Kinaiyahan

Ka Rene, ginahigtan ko ang punta kang akun dila agud mag-untat run ako sa paghambal nga bukut kaw run magsaka sa kasudlan kang Kabukiran ka Tampakan. Bukut ko man luyag hilabtan dyang gintanum mo nga pagbato sa busong kang imo banwa nga buta ka pangulohan nga sungak-sungak sa manggad.

Sangka adlaw, man-an ko, palikum kaw nga nagpanglili sa likud kang marabong nga kawayanan rugto sa bukid kag ginapanilagan mo ang algoritmo ang hulag kang mga tinawo

kang minahan. Matinong sanda nga nagapasulud kang buldos,

kag nagbuul kang mga ilaga nga magkutkut

sa imong ginatindugan nga panimalay kang mga Blaan.

Kang naghalin kaw run kag manugid sa bug-os nga banwa

ang pagsulud kang minahan, nabatian nanda

ang paglagitik kang gintapakan mo nga kawayan.

Nagadalagan kaw ugaring ang imong kapagrus kag pagsibad

naabtan gihapon kang anda nga mga bala.

Samtang nagadalagan, ginadumdum lamang ginahungak nga paino-ino dyang dumaan nga pagpati: *amligan ang kagulangan*.

Ginlagas kaw nanda hangtud sa binit karsada tupad kang lasang.

Wara nanda gindayon ang plano nga andaw kaw igulo sa kinutkot.

Nagtindug kaw sa tunga karsada nga ginabanta ang kahadluk

nga padayon ginalugus kang anda kahakug. Nagadugo ang imo huna-huna.

Pay kamaan kaw sa gihapon nga bukut kaw nanda sarang patyon:

kon patyon kaw gid man, ikaw ang magalas kananda kag sa isara ka pisuk

gilayon sanda madula, malumos. Bukut run man nanda matuipan

ang bulawan bisan sa patay nga gusok kag madalum nga kasudlan.

PAANO MANGARAL ANG MAGSASAKA?

Para kay Ka Nanie, Dakilang Anakpawis

Palay ang kabuhi ko. Mais ang luyag ko.

Paano ko salungatin ang pahayag mo, Ka Nanie?
Hindi ko maaaring paslangin ang iyong paniwala
hinggil sa itinitibok na kahulugan ng iyong pananim
sapagkat larangan ng iyong digma ang ekta-ektaryang lupain.
Ipinupunla at ikinumpisal mo sa biyas ng bagong bungkal na lupa
ang mga katuwiran at mga pangalan ng ibig mong mawala:
mayaman, kapitalisa, elitista, pahirap sa magsasaka.

Dumating ang isang araw, isinalaysay mo sa akin:
pinaratangan kang magnanakaw ng isang sakong bigas
ng iyong Among Instik. Pinatalsik ka sa kanilang lupain
at hindi binigyan ng butil sa ilang sakong ginugol mong itanim.
Inutusan ng mga tuso na dapat kang hambalusin
ng ilang trabahanteng takot ding mataliksik, dahil ang buhay:
isa ka panggas, isa ka uyas sang bugas.

Wika ko, paano ka ba maging sinungaling
dahil ang pagpapagal mo'y sandakilang paglilinang mo ng kanilang
bukirin?

Hindi ka sumagot. Basta ang batid mo'y doon
sumibol ang henealohiya ng iyong poot at galit.
Nagsimula kang lumabas sa bakuran ng bukirin,
tinipon ang mga tagalinang ng lupa upang lumikha ng asamblea
ng mga ginutom na guniguni. Sa isang asamblea: lumikha ka ng abono.
tinuruan mong pagsanayin ang sarili at iba na huwag tanggapin
ang paanyayang katangahan mula sa mga tinitingalang diyos ng sakahan
sapagkat maghahawan ng talahib ang kamatayan
na ililibing silang buhay na makikisimpatya
sa mga itinuring nilang hunghang.
Nasa inyo ang pangwakas na bungkal.

PAANO MAGPANUDLO ANG MANGUNGUMA?

Para kay Ka Nanie, Dakilang Anakpawis

Palay ang kabuhi ko. Mais ang luyag ko.

Paano pa ayhan ako maglalis kanimo, Ka Nanie?
Bukut ko sarang patyon ang imong pagpati
tuhoy sa ginapabutyag nga kahulugan kang imo pananum
bangud dya ang imo patag-awayan, malapad nga duta.
Gintanum mo nga may pagpangumpisal sa hita kang binungkal nga duta
ang mga panindugan kag mga ngaran nga luyag mo madula:
manggaranun, kapitalista, elitista, palisud sa mga mangungoma.
Sangka adlaw, ginasaysay mo kanakun:
ginapasibangdan kaw nga nagkawat kang sara ka sako nga bugas
sa imo again nga Instik. Ginapalayas kaw nanda
nga wara gintaw-an ti uyas sa raku nga sinako kang bugas nga imong
gintanum.
Ginsugo kang mga yawa nga dapat patyon kaw
kang iban nga trabahante nga nahadluk man palayason hay ang kabuhi:
isa ka panggas, isa ka uyas sang bugas.
Kuon ko, paano kaw ayhan mangin butigon kag makawat
hay riang imo kakapoy sangka bahul nga dungug sa paghanas kang anda
bukid?
Wara kaw nagsabat. Basta ang man-an mo rugto
nagsugud dyang henealohiya kang imo kadumot ka kaakig.
Nag-umpisa kaw run nga naggwa sa ugsadan kang taramnan,
gintipon ang mga tagapaugwad kang duta agud magbuhat kang asamblea
kang mga ginpagutman nga paino-ino. Sa asamblea nga ria: naghimo kaw
abono.
Ginhanas mo ang kaugalingun kag iba pa nga bukut magdawat
kang hatag nga katanga halin sa mga ginakilala nga diyos kang
taramnanan
hay magadihon man kang kahilamonan ang kamatyon
nga sana igalubung nga buhi kag makisimpatiya
sa kaninyo nga andang ginhinganlan nga wala pulos.
Sa urihi, kaninyo ang urihi nga pagbungkal.

ISANG ARAW SA KLINIKA

Para kay Doctor Rap

Sumusulpot ang pileges
sa iyong noo kung alam mong
may tinotokhang
na mga lumad, pinatay na kuno ay nagnakaw,
o dili kaya'y may kung anong gago
ang nagsasagawa ng sirko-ritwal
sa mga pinunong humahalik
sa puwitan ng hungkag na mga bulwagan.
Noong pandemya, nagluluklok
ka sa iyong abang klinika.
Nagsasanay ukol sa pilosopiya
nina Stalin, Lenin, Mao, Marx,
at iba pang naniniwala sa talim ng pagtindug.
Isang araw habang lumalaganap ang punsyon ng kagaw, dumayo sa iyong
tanggapan
ang ilang opisyal
ng sangguniang bayan
at isinangguni ang kakaibang kirot sa kanilang tadyang.
Ipinatong mo ang istetoskopyo,
dinama mo nang mariin ang tibok na nagtatagisan
sa kanilang dibdib. Doon pa lang, nagsasalpukan
na rin ang pileges sa kanilang noo baka sakaling
ikaw ang makakumpiska
ng kaban na pinagsasaluhan
nila sa kanilang palihim na galaw ng pagnanakaw.

SANGKA ADLAW SA KLINIKA

Para kay Dok Rap

Nagaurulhot ang kurinot
sa imong agtang kon man-an mo
nga may ginatokhang
nga mga lumad, ginpatay hay kuno nagpangawat,
ukon may dya nga mga gago
nga nagasaulog kang sirko-ritwal
sa mga pinuno nga nagaharuk
sa buli kang salimpawpaw nga mga hulut.
Katong pademya, nagaisarahanun
kaw sa imo mamingaw nga klinika.
Ginahanas mo ang kaugalingun sa pilosopiya
nanday Stalin, Lenin, Mao, Marx,
kag sa iban pa nga nagapati sa kahait kang
pagtindug.
Sangka adlaw samtang nagapadayon ang pagpamiyesta kang kagaw,
nagbisita kanimo ang pira ka opisyal
kang sangguniang bayan
andang ginaparapit kanimo ang pagpin-ot kang anda dughan.
Gintungtung mo ang istetoskopyo,
ginbatyag mo nga may kaduut ang kuba nga nagalaasanay
sa andang dughan. Rugto pa lang, Nagasampok
run ang andang agtang hay basi
ikaw ang makatuip
kang manggad nga ginapamunsyonan
nanda sa andang palikum nga hulag kang pagpangawat.

MAIKLING ODA SA EPIHIYE

Para sa mga raliyista kontra mina

Nariyan ka sa gitna ng kalsada
kawangis ang mukha ng mandarambong
na pinagbubuntungan ng banal na galit
ng mga gumagapang sa larangan ng katatagan.
Pinalilibutan ka ng mga magsasakang
uhaw ang puson sa layaw ng laya.
Paano mo pa kaya maipagtatanggol
ang mga guhong nilisan ng mga minahan
kung hindi ka naman gumagalaw,
naghihintay ka lamang na sunugin
ng mga nagsisigaw ng iba't ibang kawikaan
ng paglaban sa kanayunan?
Banyaga ka naman kahit talampakan
mo itong balisang lalawigan ng mga Lumad.
Paano ka ba sambahin dahil nakaugat
naman ang iyong dalangin sa gintong buhangin.
Ngayon, para kang sinaunang anito na kulay apoy.
Saulado na ng sambayanan ang mga dasal na alay sa iyo:
Mapatay ka na dahak-dahak nga Gobernador.
Para sa imo, ang kabuhi wala sing balor.
Pakusugon ta niyan ang mga tambor.
Para sa sungak-sungak bulawanon nga Gobernador.

BUGU NGA ODA SA EFFIGY

Rugyan kaw lang sa tunga kang karsada
kadagway ang nawung kang makawat
nga ginatamnan kang balaan nga kaakig
kang mga nagakamang sa patag kang kaisog.
Ginapalibutan kaw kang mga mangunguma
nga uhaw ang sulok-sulok sa matuod nga kahilwayan.
Paano mo ayhan liwan mapatindug
dyang mga ruwina nga ginbilin kang minahan
kon wara kaw man lang nagahulag,
nagahulat nga sunugon
kaw lang kang mga nagasirininggit sa lahi-lahi nga pululungan
kang pagbato halin sa iban nga minuro?
Matyag mo, dumuluong kaw bisan dapa-dapa
Mo man lang ining nahangyus nga probinsiya kang mga Lumad.
Paano kaw ayhan simbahon kag dayawon hay nakalubung
Run man ang imong pangadi sa bulawanon nga yab-ok.
Kadya, daw sangka anito kaw nga duag kalayo.
Saulado run gid kang tanan nga pangadi nga halad kanimo:
Mapatay ka na dahak-dahak nga Gobernador.
Para sa imo, ang kabuhi wala sing balor.
Pakusugon ta niyan ang mga tambor.
Para sa sungak-sungak bulawanon nga Gobernador.

SA BATANG NAGHIHINTAY SA PANGWAKAS NA ORAS

Nariyan ka: nakatayo sa talukbong
Ng matandang puno, umaasa ng kasagutan.
Isang dahon ang nahulog sa iyong noo,
Ang isa: sa lupa, katabi ng iyong hubad na paa.
Pinulot mo ang dahon at hinihip ito kasama
Ng iyong mga bulong at panaghoy.
Tatlong oras na lang, sasakupin na
Ng mga dambuhalang makina ang iyong lupa.
Hindi ka pa ganap at handang maglikas
At bitbitin sa ibang mga moog ang iyong damdamin.
Ang mga camote at ibang nakalibing sa sinapupunan
Ng iyong lupa'y wala pa sa tamang panahon
Upang sila ay mahahablot ng iyong pilasing kamay
Na saksi sa lahat na anyo ng pagbubungkal.
Habang tumatayo ka lang riyan,
Sinisipat ang lawak ng yutang kabilin ng iyong pagkabata,
Nauulinigan mo ang saliw ng faglung at kudlung
Na tila бага tumutugtog ng pambihirang awit ng iyong ugat.
Mamaya, iba na ang mauulinigan mo:
Hagulhol ng iyong Ye, Flaneke, ng inyong Fulong, ng Sitio,
Nagmamakaawa sa mga diyos itigil na ang poot
Ng pagkakalkal sa sinapupunan ng inyong buhay
Upang maghanap lamang ng kalawanging yaman.
Bukod sa hagulhol, naiisipan mo nang magiging sanaaw
Ng dugo ang inyong bakuran at ang iyong Ina ay tataghoy
Nang tahimik upang iligtas ka sa pangil ng mga makina.
Ngayon, nariyan ka lang: nakatayo sa talukbong
Ng mga nalalaya, nangangambang kasagutan.
Kahit wala pang ganap na sagot ang paghihintay.
Nariyan ka: nililigpit ng iyong nakakalkal nang puso
Ang alaala ng iyong pagkabata
Na nagsasalmo ng iyong pinagmulan.
Bago darating ang takdang oras,
Magpupulong na ang liwanag at dilim,
Titigil na ang kantiko ng mga kuliglig,
Ililigpit mo na ang lahat: ang buhay,
Ang pag-asa bago nila ito makumpiska
At iluluklok sa hukay ng mga mina.

SA BATA NGA NAGAHULAT KANG URIHI NGA ORAS

Rugyan kaw: nagatindug sa lambung
 kang laya nga puno, nagahulat kang sabat.
 Sangka dahon ang nahulug sa imo agtang,
 Ang isara: sa duta ingud kang hublas mo nga kahig.
 Ginpudyot mo ang dahon kag ginhuyup imaw
 ang imong mga hutik kag pangadi.
 Tulo ka oras run lang, pagasakupun run
 kang mga bahul nga makina ang inyo duta.
 Bukut kaw pa handa nga maghalin
 kag bitbitun sa iban nga bahin ang imo baratyagun.
 Ang mga kamote kag iban pa nga nakalubung sa busong
 kang imo duta, wara pa gid it sampat nga panahon
 agud sanda sarang run nga makali kang alima mong pilason.
 Samtang nagatindug kaw lang dyan,
 ginapanilagan ang kalapad kang panaaad nga duta kang imo pagkabata,
 mabatian mo ang tunog ka faglung kag kudlung
 nga bala daw nagatugtog kang tumaragsahun nga ambahanon kang
 ginhalinan.
 Kar-on, lain run ang imo nga mabatian:
 tarangisun run kang imo Ye, FlaneK, kang inyo Fulong, kang Sitio,
 nagapakitluoy sa mga diyos nga undangon run ang kahakug nanda
 nga pagpangutkut sa busong kang inyo kabuhi
 agud magpangita kang tuktukon nga manggad.
 Luwas sa tarangisun, nahuna-hunaan mo run nga magdanaw
 dyang imo dugo sa inyong ugsadan kag ang imong lloy magtarangisun
 nga wara ti limug agud iluwas kaw sa bangkil kang mg buldos.
 Kadya, rugyan kaw pa: nagatindug sa lambung
 kang mga nagakaralaya, nagakahadluk nga mga sabat
 bisan wara pa ti ayad nga sabat sa imo paghulat.
 Rugyan kaw: ginahimos kang imo nakutkot run nga puso
 ang handuman kang imo pagkabata
 nga nagasalmo kang imo ginhalinan.
 Bag-o magdangat sa urihi nga oras,
 magsinapol run ang kasanag kag kadulum,
 magauntat run ang kantiko kang mga kikik.
 Himuson mo run ang tanan: ang kabuhi,
 Ang paglaum bag-o nanda dya makumpiska
 kag igalubung sa buho kang mga mina.

BULAWAN

Ganito ko lagi sinasariwa ang alahas ni Mamang kapag nasa lungsod siya:

Kumikinig ito nang maringal kapag nakapulupot sa leeg tuwing may
piging;

Kung may seremonya ng pag-iisandibdib; kung may pagbinyag na makabig;

Kung may kainan sa nagmamagarang restoran; kahit pa aniya'y sa
pagsisiping,

Supling niya kung ituring ang hardin ng bulawan sa kinang ng kaniyang
tagóng daing.

Ikinalulugod niya kapag naglalandas ang paningin ng mga dayo sa
kaniyang tinghas

Habang pumapasok sa kaniyang pag-uulinig ang matarling na bulong ng
paghanga.

Nasok ang matitinis na nagsasagutang usapan ang ipinupukol ukol sa
kaniyang lawas,

Tinititigan siya nang maigi mula sa hédres niyang bagwis hanggang may
ekstraksiyon

Ng kung anong pilit ipasiwalat at ipalabas ng madla mula sa mina ng
kaniyang katawan.

Hinggil sa Mina at Pagbabanta

Isang malaking banta para sa mga may-gahum ang pag-aakda tungkol sa kanila. Marahil may iba't ibang dahilan subalit ang pinakabuod ng 'banta' na naidudulot ng salita sa kanila ay ang paraang mahalukay ang kanilang lagim at mga 'di-kontroladong axis ng pang-uusig.

Noong 2022, kabilang ako sa mga tumindig at nakipagbuno sa lansangan upang labanan ang Open-Pit mining dito sa South Cotabato partikular na sa bayan ng Tampakan. Operasyon ito ng Sagittarius Mines Incorporated (SMI) na suportado ng pamahalaan na kaalyado rin ng Xstrata Mining Company, ang pinakamalaking multinational mining company mula Switzerland.

Kung matutuloy ang nasabing mining, ito ang magiging resulta: 2, 900 na Lumad ang mawawalan ng tahanan (mismong sa kanilang ancestral lands); makakalbo ang 800, 000 na kakahuyan na magsasalba at panangga laban sa pagbaha at pagguho ng lupa; 500 ektarya ang malalagyan ng malaking butas at iyan ay katumbas ng 700 Football Fields; 85, 730 ektarya ng watersheds ang makokontamina ng mga nakalalasong kemikal; at ang pinakasimpleng rason, malalansag at mawawalan ng lupain at patubig ang mga magsasaka, irigador, at magkakasalat sa supply ng tubig.

Sa kasagsagan ng pagbubuo namin ng mga pagkilos at pabubukod ng mga panawagan, walang tigil din ang pang-aatak ng mga trolls online sa aking online platform at sinasabayan pa ng mga pagbabanta na ipatutumba ako. Dumating pa sa punto na binlock ako ng isang Board Member dahil sinipat-suri ko ang kaniyang mga dahilan kung bakit kailangan ng open-pit mining dito sa probinsiya. Kahit pa nangyayari ang ilang pagbabanta sa online, ito ay malinaw na manipestasyon na may napuputahang dako ang mga salita at panawagan.

Kung gayon, ang mga danas na ito sa palagay ko ay puwersa upang makalikha ng kolektibong lakas upang supilin ang mga 'di-matibag-tibag-na-kahungkagan.' Ang puwersang ito ay hindi rin nalalayo sa pakahulugan ni Horace sa layunin ng panitikan: dulce et utile, may tamis at kabuluhan—kabuluhan na lumilikha ng alingawngaw upang pag-isahin ang masa at panitikan tungo sa isang mailap pang tagumpay. At isa pa, ang pagsusulat ay kailangang politikal—lalo na ngayon sa genocide na ginagawa ng Israel—dahil walang patutunguhan ang isang manunulat at ang akda ng kaniyang panahon kung wala itong paninindigan.

Ang koleksiyong Hinggil sa Mina at Iba Pang Paghahalukay ay hinugot ko rin sa nabanggit na danas. Ito ay pumapaimbulog sa mga kasamahan kong naging biktima rin ng pambabanta at iba pang kaugnay na danas na kasuklam-suklam. Kumbaga, bukod sa pagiging oda, ito ay isang alay para sa kanilang tikang upang ipaglaban ang karapatan ng kalikasan (rights of nature). Ang kanilang danas ay nakaangkla sa danas ng pagmimina: lupa, na isang central metaphor upang palawigin at palawakin ang paghalukay sa ugat ng pagtindug bilang mamamayan.

Dahil naniniwala ako na ito rin ay isang pagtatangka upang itala ang kanilang danas at naging danas ko sa kanila sa pamamagitan ng tula tungkol sa tunggalian ng uri, laban sa lupa, at patuloy na pag-igpaw ng mga gamhanang puwersa upang supilin ang mga walang makakaya, lumikha rin ako ng isang padron na nakaangkla sa tinutukoy kong puwersa: ang tula bilang protesta na inaasahan kong maging bahagi sa memorya at guniguni ng panitikan mula sa Mindanao na nanunuligsa sa mga sapat sa kalikasan.

Hindi na bago ang tulang radikal o protesta dahil malaon na itong nagsimula sa korpus ng panitikang Filipino. Subalit naniniwala ako na nagiging bago ito sapagkat ang bawat salaysay ukol sa protesta ay may kani-kaniyang henealohiya, may sariling imbensiyon sa pagbubuo at pagwasak ng isang pangkaraniwang hinuha. Kaya nga isa itong pagbabanta dahil ang pagtitipa katulad nito ay lumilikha ng sariling daan at halubigat upang halukayin ang pilosopiya ng tao at ang pilosopiya ng mga gago (sa kahit anomang anyo).

May nakalangkap din na salin ang mga tulang narito sa wikang Kinaray-a sapagkat naniniwala ako na upang matuligsa nang husto ang isang puwersa ay dapat gumamit ng wikang makasasakit ng kanilang loob. Ang Kinaray-a bilang ing wika ay isang daan upang mabigyan at mabihisan ng orihinal na tinig ang orihinal na panawagan.

Sa kabilang banda, maraming hamon noong nasa proseso ako sa pagbubuo ng koleksiyon. Ka ko, baka hindi ito mabubuo at hindi ko makuha ang nais kong dapat mabigyan ng tinig. Gayonpaman, ang kariktan sa proseso ng pagbubuo ko nito ay nakalikha ako ng bagong bulubundukin ng kaisipan na kayang halukayin ninoman sa pamamagitan ng mga personal na alay. Nakahimpil pagkatapos nito ang pagkamasinop, pagsiyasat, at madamdaming protesta upang lumikha ng hukay para sa komunal na pakikibaka.

Ito ay higit pa sa mina. Ngunit kung hahalukayin ng SMI ang Tampakan, mas mainam na lang na halukayin nila ang aking salita at talinghaga, huwag lang nilang tanggalan ng buhay ang pusod ng magiging kinabukasan. Sana.

ADRIAN MEDINA PREGONIR

[8:55 t.g., 31/03/2023
Banga, South Cotabato]